# Salaysay, Saysay, Salukoy: Tungo sa Dalumat ng Alamat

CHRISTIAN JIL R. BENITEZ

*The Cordillera Review: Journal of Philippine Culture and Society* 8 (1): 58–89.
https://doi.org/10.64743/CLSQ3736

**ABSTRACT**

Dinadalumat sa kasalukuyan ang alamat bilang bagay na nagpapasaysay ng panahon nang may kritikal na pagsasalalay sa ekolohiya. Sa pagtalunton sa ilang pag-iisip na kanluranin hinggil sa mito, isinasalin ito bilang *alamat*, na pinasasaysayan bi-lang masidhing sandali ng pagsasalaysay, na parating nakikitaon sa kabagayan. Itinutulak ang ekolohikong ugnayan ng alamat at sangkabagayan sa pagpapahalaga sa mga ito bilang ang nagsasaalaysay at nagpapasaysay para sa isa't isa. Sa ganang ito, nilalansag ng alamat ang mga karaniwang pag-uuri ng panahon bilang "banal" (*sacred*) at "dahay" (*profane*), para sa halip, magtaya sa isang pagdalumat ng panahon, sa metonimikong *kasalukuyan* na parating maalamat, at samakatwid, parating nakabaling para sa lalim at materya.

**SUMMARY**

The Filipino *alamat* is theorized presently as a thing that considers time in terms of the ecological. In working through key western conceptualizations of myth, i.e. those of Mircea Eliade, Eric Dardell, and Roland Barthes, myth here is rehearsed in the vernacular as the *alamat*, sensed as an intense instance of narration that is always only made present in its material encounter with specific conditions. The ecological relation between the *alamat* and materiality is further intensified in evaluating the reciprocation between narrative act (*nagsasalaysay*) and sense-making (*nagpapasaysay*): the *alamat*, through narration, as creative of the world, and the earth, through contextualized instances of repetition, as creative of the *alamat*. The *alamat* thus conceived, is shown to transgress the customary and binary classifications of time as either sacred (*banal*) or profane (*dahay*), with a wager made on a phenomenology of time through the metonymic *kasalukuyan* ("present") that is always *maalamat* ("mythic"), and thus always troping toward depth and the material.

**Susing-salita:** *Salamat, ekolohiya, panahon, salaysay, salukoy, saysay*
**Keywords:** Filipino myth, ecology, time, narrative, nowness, signification

**I.**

Ang *panahon*, alinsunod sa *Vocabolario de la lengua tagala* (*VLT*), ang "tiempo de cualquiera cosa," "panahon para sa kahit anong bagay" (*VLT*, s.v., "Panahón"). Kritikal sa nasabing pakahulugan ang pag-ukol ng "para sa kahit anong bagay" bilang pagdiriin hindi lamang sa pagiging panahon ng *panahon* (at kung gayon, ang pawang pag-uulit na hindi makapagpapasaysay sa nasabing dalumat), kung hindi maging sa pagiging mapagkaloob din nito. Sa nasabing kilos ng pagpapa-*para sa* ng panahon, sapagkat nagkakaloob ng maaaring anumang bagay (na, sa pagiging *maaari* nga ay hindi ganap na matitiyak), naididiin ang pagiging dalumat din ng pagkakataon ng panahon (Mojares 1997, 58-60). Nagiging mahalaga sa ganang ito ang materyalidad ng kabagayang laan sa pagdalumat ng panahon, sapagkat ito ang nakapagpapangyari ng nasabing dalumat. Sa pagbaling sa ekolohiya, nagiging makahulugan ang ganitong pagkamatalik ng panahon at sangkabagayan: halimbawa, sa iba't ibang pagpapangalan ng iba't ibang sandali ng panahon, nagiging batayan ang pagtatalâ ng mga tiyak na bagay sa kapaligiran bilang pananda at pag-unawa sa panahon (tingnan kay Badillo 1980, 354-62; at Woods 2017, 154ff). Sa ganitong pagbibigkis sa panahon at sangkabagayan, tangka kung gayon ang isang pagdalumat sa panahon na may higit na pagbaling sa materyal na ekolohiya.

**II.**

Ang pangyayaring pagkaloob ng panahon ang isinasalaysay ng alamat, na karaniwang pinakahuhulugan bilang "salaysay hinggil sa pinagmulan ng isang bagay o pook" (*UPDF*, s.v., "alamát"). Sa nasabing pakahulugan, malilirip ang pagpapahalagang ipinagkakaloob sa alamat bilang bagay na nakapagsasalaysay ng mga pinagmulan, at kung gayon, ng mga pinakamatatanda ring alaala. Gayunpaman, hindi pawang nakatali lamang sa nakaraang hindi na mababalikan ang alamat: sa pagpapakahulugan din dito bilang "tradicion de viejos," "matatandang kaugalián," o bilang pawang "tradicion" (*VLT*, s.v., "Alamát"), nadadalumat din samakatwid ang alamat bilang isang panuto sa kaparaanan ng pamumuhay—at kung gayon, ang nagpapahalaga sa alamat bilang kritikal ding pangkasalukuyan.

Sa ganang ito, maaaring madalumat muli ng *alamat* ang karaniwang pag-uuri sa mga salimbibigang salaysay. Sa pagpapahalaga sa mga nasabing panitikan ni Damiana Eugenio, sa paghiram niya sa pag-uuri ni William Bascom, napag-iiba ang tinatawag nilang mito (*myth*) mula sa leyenda (*legend*), sa pagtutulos sa una bilang "salaysay ng mga nangyari sa malayong nakaraan" habang ang huli bilang "nangyari sa isang panahon hindi kasinlayo, kung kailan ang mundo ay kung papaano sa kasalukuyan" (sariling salin; Bascom 1965, 4) (tingnan kay Eugenio 1985, xi). Gayunpaman, sa mariing pagpapahalaga sa nasabing kahulugan ng *alamat* bilang alinsabay na salaysay ng matatanda at matatandang kaugalian, sa isang pagtataya, masasaklaw nito ang mga tinutukoy na kalayuan at kalapitan ng salimbibigang salaysay.



**III.**

Sa pagtataya sa alamat bilang nakapagsasalaysay ng isang harayang simula, kritikal kung gayong madalumat na sa pinakamasidhi nito, sa matutulos na panahong "pinakamalayo," ang maalamat ang kalagayan ng sangkabagayan sa pagiging pinakamatalik nito. Ang malalim na pagkakaugnay-ugnay na ito ng mga bagay, para kay Eric Dardel, ang nakatuturol sa maalamat bilang:

> [A] time which has the continuity of life, and not in any sense a time which, lacking as it does any experience of death and any feeling of nothingness, could fit in with our ideas of finitude and of eternity. It is a present which sounds the affective depths of being, ignorant of the abstractions and negatives of our temporality; which awakens warmth, fear, or exaltation, and makes all nature sing in images and symbols derived from all the senses. By way of the myth, man identifies himself and his habitat with the totem, feels himself a contemporary of the totemic life and responsible for the carrying-on of existence. (Dardel 1984, 231)

Isang panahong may tuluyan ng buhay, at hindi sa anumang pagpapahalaga isang panahong, sa kakulangan nito sa anumang karanasan ng kamatayan o anumang pakiramdam ng kawalan, maaaring bumagay sa ating dalumat ng hangganan at walang-hanggan. Isa itong kasalukuyang umaalingawngaw sa masidhing lalim ng ating pagiging, mangmang sa mga kabasalan at kasalansangan ng ating pananandali; na gumigising sa sigla, takot, o kadakilaan, at nagsasanhi sa lahat ng kalikasan para umawit sa mga hulagway at panandang mula sa lahat ng mga pandama. Sa pamamagitan ng alamat, nakikilala ng tao ang kanyang sarili at kanyang tirahan sa totem, nararamdaman ang sarili bilang alinsabay sa buhay totemiko at nananagutan para sa pagpapatuloy ng pamumuhay. [sariling salin]

Sinasaklaw samakatwid ng maalamat ang ekolohiya ng sangkabagayan, sa sidhing higit pa sa madadalumat ng mga pagtukoy ng hangganan at kawalang-hangganan. Mas masidhi pa ang pagiging "tuluyan ng buhay" ng maalamat kaysa pawang pagsasalikop ng mga labas at loob ng mga bagay—ito samakatwid ang isang lalim ekolohikong hindi ganap na malilirip.[1] At sapagkat malalim ang nasabing kaugnayan ng sangkabagayan, naipangyayaring sa alamat, ang kumpas ng isa ay ang kumpas ng kabuuan, at ang pag-ibig ng lahat ay ang pag-ibig din ng isa.[2]

Sa ganang ito, ang alamat samakatwid ang kung kailan ang "mga kilos [ay] matalik o nasa nadadalumat na hangganan ng ibig," ang kasidhiang, sa kalaliman hindi ganap na malilirip, "kung saan *maaaring* pareho ang lahat sa lahat" (sariling salin at diin; Frye 2000, 136).[3] Sa kasidhiang ito ng maalamat, nagiging makahulugan at malalim ang bawat kilos, kung kaya nagiging maaari ang paglikha ng isang bagay, na alinsunod na rin sa malalim na ekolohiya ng mga bagay, ay paglikha rin (muli) ng buong kalikasan, ng isang buong panahon.[4] Ito ang nakapagdiriin sa halaga ng alamat bilang isang (kung hindi man *ang*) banal na kasaysayan, salaysay, o kosmolohiya (Eugenio 2001, xxi-xxii; tingnan din kay Eliade 1963, 21-38).

**IV.**

Ang maalamat na kasidhiang ito ng ekolohiya, para kay Dardel, ang parehong kasidhiang nakapagpapangyari sa paglikha ng isa mismong alamat:

> When the "primitive" recognises an ancestor looking at him out of the shark's or the lizard's eye, he is certainly making a reference to reality, but he interprets it mythically; he expresses by this connexion, which for us lacks foundation, the impression he feels, his affective reaction to "things." The myth is neither "true" or "false"; it is born, beyond our logic's horizon, in that "pang" which comes upon man in the midst of things. In the myth and by means of the mythic image, there is an externalisation of the inner impulses coming from "outside," the communality of substance which welds him to the totality of beings. (Dardel 1984, 229)[5]

> Sa pagkilala ng "primitibo" sa isang ninunong tumitingin sa kanya mula sa mata ng pating o butiki, tiyak siyang lumilikha ng pagtukoy sa realidad, bagaman maalamat niya itong pinapakahulugan; ipinapahayag niya sa pamamagitan ng pag-uugnay na ito, na para sa atin ay walang muhon, ang pakiramdam na nararamdaman niya, ang kanyang masidhing tugon sa mga "bagay." Hindi "totoo" o "huwad" ang alamat; ipinanganak ito, sa ibayo ng hinagap ng ating katwiran, sa "silakbo" na dumarating sa tao sa kalagitnaan ng mga bagay. Sa alamat at sa pamamagitan ng hulagway na maalamat, nagkakaroon ng pagpapalabas ng mga nakapaloob na simbuyo mula sa "labas," ang pagkakatipunan ng mga diwang naghihinang sa kanya sa kabuuan ng mga bagay. [ sariling salin ]



Maalamat ang sandaling pagtingin at pagkilala ng tao sa mata ng isang hayop (at, sa ekolohikong metonimiya, sa anumang bahagi ng anupamang bagay): ito ang pagkakataon ng mga bagay na ito ang nakapagpapangyayari ng isang kasidhian, kung kailan nalilikha ang alamat—na, higit pa sa anuman, isang bagay rin sa sarili nito, na nagsasalaysay rin ng isang kasidhian.[6] Sa pagsasalalay sa mga nasabing pagsasalaysay, madadalumat samakatwid ang alinsabay na karanasan ng lalim sa alamat: habang naipangyayari ang paglikha bilang kasidhiang isinasalaysay ng alamat (o, ang "loob" nito), nangyayari din ang paglikha bilang kasidhian sa pagsasalaysay nito mismo (o, sa "labas" nito). Sa ganang ito, ano kung gayon ang panahon ng alamat kung hindi ang suson-susong kalalimang magkakaalinsabay sa kasidhian.[7]

**V.**

Kritikal sa suson-susong kalaliman ang pag-aalinsabay ng mga salaysay sa "labas" at "loob" ng alamat. Ang alamat, sa isang banda, ang bagay na bumabaling tungo sa daigdaig na sinasalaysayan nito, sa pagsasalaysay nito ng pinagmulan ng mga bagay, bilang banal na kasaysayan ng mga "matandang kaugalian."[8] Alinsabay dito, sa kabilang banda, ang binabalingang daigdig din ang nagsasalaysay ng pinagmulan ng alamat: ang karanasan ng kalikasan ang pinagmumulan din ng salaysay ng tao, na kanyang pangangalanan bilang *alamat*.[9] Kung gayon, sa magkaalinsabay na mga kilos na ito, nagkakataon ang "labas" at "loob" ng alamat, at naidiriin ang kalalimang ugnayan ng mga ito bilang isang ekolohiya.[10] Nadadalumat sa ganang ito ang saysay ng salaysay na ito bilang isang masidhing pagkakataon.[11]

**VI.**

Sa kalaliman ng ekolohiya, nalilirip ang kritikalidad ng alamat sa pagdalumat ng panahon sapagkat isinasalaysay nito ang pangyayaring pagkakaloob: ang masidhing kumpas ng isa na masidhing kumpas din ng kabuuan ang nakapagkakaloob ng pagkakataon para sa paglikha ng isang bagay na, alinsunod sa ekolohikong metonimiya, ang paglikha rin sa sangkabagayan. Mula sa pagiging salaysay ng masidhing paglikha napahahalagahan ni Mircea Eliade (1963) ang alamat bilang *makasaysayan*, alinsunod sa pagiging kronolohiko at makahulugan nito[12]:

> Myth narrates a sacred history; it relates an event that took place in primordial Time, the fabled time of the "beginnings." In other words, myth tells how, through the deeds of Supernatural Beings, a reality came into existence, be it the whole of reality, the Cosmos, or only a fragment of reality—an island, a species of plant, a particular kind of human behavior, an institution. Myth, then, is

> always an account of a "creation"; it relates how something was produced, began to *be*. (5-6)
> Isinasalaysay ng alamat ang isang banal na kasaysayan; iniuugnay nito ang isang pangyayaring nangyari sa sinaunang Panahon, ang kathang panahon ng "mga simula." Sa ibang salita, isinasalaysay ng alamat kung paano, sa pamamagitan ng mga gawain ng mga Talulikas na Nilalang, dumating ang isang realidad, maging ang kabuuan man ito ng realidad, ang Kosmos, o pawang bahagi lamang ng realidad—isang pulo, isang uri ng halaman, isang tiyak na uri ng kilos-tao, isang institusyon. Ang alamat, kung gayon, ay parating isang salaysay ng isang "paglikha;" iniuugnay nito kung paano nagawa ang isang bagay, nagsimulang *maging*. [sariling salin[13]]

Idiniriin muli ni Eliade ang maalamat na kasidhian, bagaman sa kanyang pagsasalaysay hinggil dito, para sa isang paraan ng pag-unawa sa hindi ganap na malilirip na kalaliman, isinasakatawan ang metonimiyang ekolohiko bilang mga nilalang na talulikas.[14] Sa ganitong pagsasakatawan, naipangyayaring magagap ang nasabing kalaliman sa hulagway ng mga nilalang na tinutulos bilang banal, at kung gayon, nakatatalo sa kung ano ang tinutulos bilang karaniwan o likas. Sa ganang ito, napasasaysayan ang pangyayari ng paglikha ng mga bagay: ang mga ito ang mga kaloob na, sapagkat nililirip bilang talulikas, pawang ipinangyayari ng pagkakataon.[15]

Sa paghilig ng pagdalumat na ito sa kalalimang ekolohiko bilang matalik sa banal, napahahalagahan ang alamat bilang bagay na nag-uuri sa panahon—sapagkat sa pagdiriin sa maalamat bilang panahon ng "banal na kasaysayan" na matalik sa talulikas, alinsabay dito ang pagharaya rin sa panahong hindi banal, na, sa pagiging "sinauna" ng maalamat, panahon ding hindi na sinauna. Ito ang nakapagsasaysay sa alamat bilang bagay na nagsasalaysay kung bakit ang sangkabagayan ay kung ano ito "ngayon"—hindi banal, at sa halip, dahay:

> [A]fter the cosmogony and the creation of man other events occurred, and man *as he is today* is the direct result of those mythical events, *he is constituted by those events*. He is mortal because something happened *in illo tempore*. If that thing had not happened, man would not be mortal—he would have gone on existing indefinitely, like rocks; or he might have changed his skin periodically like snakes, and hence would have been able to renew his life, that is, begin it over again indefinitely. (Eliade 1963, 11)

> Matapos ang kosmonohiya at paglikha ng tao, nangyari ang ibang pangyayari, at tahasang bunga ang tao *sa kung sino siya ngayon* ng mga maaalamat na pangyayaring ito, *binubuo siya ng mga pangyayaring ito*. Palana siya sapagkat may nangyari *noong unang panahon* (*in illo tempore*). Kung hindi nangyari ang bagay na ito, hindi magiging palana ang tao—magpapatuloy siya sa pag-iral nang walang katiyakan, tulad ng mga bato; o maaaring baguhin niya ang kanyang balat pana-panahon tulad ng mga ahas, at samakatwid makakayanang mapanibago ang kanyang buhay, alalaong baga, masimulan itong muli nang walang katiyakan. [sariling salin]



Sa pag-uuri ng alamat sa panahon bilang banal at dahay, inilalatag din sa pamamagitan ng mga pang-uring ito ang isang pananaw hinggil sa salaysay at sa daigdig: ang sa una ay kabanalan, habang ang sa huli ay karahayan. Ang pag-uuring ito ang nagbibigay-panuto tungo sa isang halagahan sa pagitan ng banal at ng dahay: sapagkat ang una ang isinasalaysay na pagsasakatawan ng kasidhian, ipinagpapalagay ito bilang nakahihigit sa dahay. Sa ganang ito, naidiriin ang panahong banal hindi lamang bilang *sinauna*, kung hindi ang pagiging *pangunahin* na nga.[16]

**VII.**

Nadadalumat kung gayon ang isang pagguhit ng panahon: bilang linyal, na may direksiyunalidad na nagmumula sa panahong banal patungo sa panahong dahay. At sapagkat isinasalaysay ang una bilang higit na masidhi kaysa sa huli, ito rin ang nagpapasaysay sa isang uri ng pangungulila sa palana para sa sinauna.[17] Kung kaya nagiging kritikal ang alamat bilang bagay na panuto para sa kaugalian—ito ang nagiging hiropanyang naglalahad ng banal (Eliade 1959a, 11).[18] Sa pag-alinsunod sa alamat bilang panuto ng mga matatanda at banal na kaugalian, naitatangka ang isang pagtugon sa palanang pangungulila: nahaharaya ang pagpapangyari *muli* ng panahong banal, na "isang tahasang paglansag sa panahong dahay, ng katagalan, ng 'kasaysayan;' at nadaratnan kung gayon ng umuulit ng ulirang kilos ang sariling naiparating sa panahong maalamat kung saan nangyari ang paglalahad nito" (Eliade 1959b, 34; sariling salin).

Mula sa linyal na pagharaya sa panahon, nagiging maaari kung gayon ang harayang sirkularidad, alinsunod sa pag-uulit ng pangyayari ng kabanalan.[19] Gayunpaman, ang nasabing sirkularidad ay maaari lamang alinsunod sa linyal na pagdalumat ng panahon, sapagkat naipangyayari lamang ang kaganapang sirkular sa pagtatagpo ng dulong kasalukuyan ng panahong dahay sa sinaunang sandali ng panahong banal. Kritikal sa ganang ito samakatwid ang pagsasapanipi ni Eliade sa "kasaysayan" ng panahong dahay: isinasagisag nito ang pagiging mapaghiram ng saysay ng panahong dahay mula sa panahong banal sa pamamagitan ng pangyayari ng maalamat na panuto—isang pagsasagisag na nakapagdiriin lamang sa linyal na pagdalumat sa ugnayan ng kabanalan at karahayan.

Samakatuwid, habang panuto para sa kabanalan ang alamat, idiniriin lamang nito ang kaibhan—at kung gayon, kalayuan—nito

mula sa karahayan. Ano kung gayon ang alamat bilang salaysay ng ibayong pinapangalanang banal, na tinatangkang pangyarihin muli sa panahong dahay sa pamamagitan ng pag-uulit ng mga maalamat na kilos, hindi bilang pangyayari nga ng kabanalan, kung hindi isang paggaya lamang ng pangyayari nito—isang hiropanyong palabas kung saan "parating mailap ang wangis"? (Flores 2008; sariling salin). Sa tangkang tugon sa pangungulila para sa maalamat, pawang naipangyayari ang pagdiriin nito sapagkat hindi tiyak na matutugunan.[20]

Mula kung gayon sa kasidhiang ekolohiko, sa kalaliman nito, naipapabaling ang pagtataya sa alamat tungo sa metaporikong talulikas: abstrakto, hiwalay, at lampas sa sangbagayan.[21] Kung kaya para kay Eliade, mapahahalagahan ang alamat bilang bagay na batayan sa pagpapangalan sa tao bilang *homo religiosus*: ang tao bilang parating nakahilig tungo sa mga talulikas na nilalang, na metonimikong nailalahad lamang sa pamamagitan ng mga hirapanyo—tulad ng alamat.[22]

**VIII.**

Sa pagtataya sa kritikalidad ng ekolohiya bilang salalayan ng pagdalumat ng panahon, makatatangka ang pagdalumat sa alamat na nakahilig sa materyal na ekolohiya. Kritikal dito ang pagdiriin: ang hiropanyang alamat, higit sa anupaman, ay isang bagay—sa tunog ng pagbigkas nito, sa pagsasalimbibig nito, sa dulas nito, sa anyo nito, na nakapagpapatunay ng materyalidad nito.[23] Alinsunod sa mga ito, sapagkat bagay nga ang alamat, naidiriin ang pag-iral nito sa tiyak na sandali; para kay Dardel, ang nasabing pag-iral ng alamat ang panahon para sa pagsasalaysay nito:

> The mythic is *present*. First, it is present in the sense that the narrator, in his account, is transported and transports the listener into the time of the happening, 'in the centre,' 'down there,' 'far away'. He draws the audience of the story away, but only to make them set themselves at the desired distance. The mythic actualises everything it touches: it makes the narrator an actor in his 'story,' the listener a witness, the world a present without past or future. The account is made one with what it tells: it is the event itself that is being told, and, in being told, is realised. Even in the fairy-tale, the expression 'once upon a time' does not bring the past as such into the case; it evokes it, in the magical sense of the term, it calls it into being. (Dardel 1984, 231)
>
> *Narito* ang maalamat. Una, narito ito sa paraang ang tagapagsalaysay, sa kanyang salaysay, ay inilipat at inililipat ang tagapakinig sa panahon ng pangyayari, 'sa gitna,' 'diyan sa ilalim,' 'sa maláyong-malayò.' Inaakit niya ang mga tagapakinig ng salaysay papalayo, bagaman para mangyari lamang na maitalâ nila ang kanilang sarili sa ibig na layò. Ipinangyayari ng maalamat ang lahat ng kanyang sasalingin: ginagawa nitong isang tagapagganap ang tagapagsalaysay sa kanyang 'salaysay,' ang tagapakinig isang tagasaksi, ang mundo isang ngayong walang nakaraan o hinaharap. Ang pagsasalaysay ay nagkakaisa sa isinasalaysay nito: ito ang mismong pangyayaring isinasalaysay, at, sa pagkakasalaysay, ay naipangyayari. Maging sa mga kuwentong engkantado, ang pahayag na 'minsan sa isang panahon' ay hindi ipinaparating ang nakaraan bilang sarili nito sa pangyayari; pinupukaw nito ito, sa mahiwagang paraan ng salita, tinatawag nito ito sa pagiging. [sariling salin]



*Narito* ang panahon ng alamat, bilang isang salaysay: ito ang mga salita, bagay ng tunog na nabibigkas at naririnig, na nagkataon-taon para maipangyari ang katipunang salaysay, na sa sarili nito, isang bagay rin.[24] At bilang isang bagay, sa pagtatagpo ng pananalita (o pagsulat) at pakikinig (o pagbasa) sa pagsasalaysay, nagiging maaari ang kalaliman ng alamat: napag-aalinsabay-sabay nito sa pagka-*narito* ang pagka-*naroon* din sa gitna, sa ilalim, sa malayong-malayo—isang paglansag sa katiyakan ng mga lunan sa mapagbuong kasidhian ng pawang pangalan ng *naroroon* at *naririto* (tingnan kay Yapan 2010, 124ff).

Nalalansag sa ganang ito maging ang mapag-uring pagpapahalaga sa panahong bilang banal at dahay: sa kasidhian ng malalim na pagkakataon ng tagapagsalaysay at sinasalaysayan, ng isinasalaysay at nagsasalaysay, naidiriin nito ang ekolohikong ugnayan sa pagitan ng mga ito—na hindi lamang ang salaysay ang makapangyarihang lumalalang sa daigdig ng tagapagsalaysay at sinasalaysayan, kung hindi maging ang mga huli para din sa una.[25] Sa ganang ito, naidiriin ang maalamat na pagkatuluyan ng mga buhay, sa ibayo ng mga pag-uuri sa panahon bilang "banal" at "dahay." Sapagkat "isang salaysay ang alamat, at ito ang payak na salik ng anumang pagpapakahulugan" (sariling salin; Kirk 1984, 56);[26] at bilang salaysay nga, ito ang panahon para sa paglikha, isang pagkakaloob na pagpapalalim:[27] "isalaysay" (*VLT*, s.v., "salaysáy").[28]

**IX.**

Nakaangkla ang pagkabagay ng alamat sa panahon ng pagsasalaysay nito. Naipapabaling mula dito kung gayon ang maaaring pagpapahalaga sa alamat bilang, sa payak na paglalarawan dito ni Roland Barthes, "isang uri ng pangungusap (*speech*)" (Barthes 1972, 107, sariling salin). Gayunpaman, kritikal na idiing hindi ito ang anumang pangungusap, kung hindi bagay na may tiyak na pamamaraan ng paglalahad—ang pagkaalamat ng alamat:

> Of course, it is not *any* type [of speech]: language needs special conditions in order to become myth... [W]hat must be firmly established at the start is that myth is a system of communication that is a message. This allows one to perceive that myth cannot possibly an object, a concept, or an idea; it is a mode of signification, a form....
>
> It can be seen that to purport to discriminate among mythical objects according to their substance would be entirely illusory: since myth is a type of speech, everything can be a myth provided it is conveyed by a discourse. Myth is not defined by the object of its message, but by the way in which it utters this message: there are no 'substantial' ones. Everything, then, can be a myth? Yes, I believe this, for the universe is infinitely fertile in suggestions... (Barthes 1972, 107)
>
> Mangyari pa, hindi ito *anumang* uri [ng pangungusap]: kinakailangan ng wika ng mga natatanging kalagayan para maging alamat....Ang kinakailangang matatag na mailatag sa simula ay ang alamat ay isang paraan ng pakikipangusap, na isa itong pasabi. Hinahayaan nito ang isa para maramdamang hindi maaaring maging isang obheto, isang konsepto, o isang idea ang alamat; isa itong paraan ng pagtukoy, isang anyo...
>
> Maaaring makita na ang magwaring mag-uri ng mga obhetong maalamat alinsunod sa kanilang diwa ay ganap na kahibangan: sapagkat isang uri ng pangungusap ang alamat, maaaring maging isang alamat ang lahat ng bagay kung pakahuhulugan ito ng isang diskurso. Hindi napakahuhulugan ang alamat ng obheto ng pasabi nito, ngunit sa paraan kung paaano nito inuusal ang pasabing ito: walang 'totoo' nito. Maaaring maging alamat, kung gayon, ang lahat? Oo, naniniwala ako dito, sapagkat walang-hanggang masagana sa mga mungkahi ang sansinukob... [sariling salin]

Pinapatalas ni Barthes ang pagkabagay ng alamat alinsunod sa pangyayari ng pagsasalaysay: hindi lamang ang alamat ang salaysay, ang tinutukoy niyang "obheto" ng pagsasalaysay, ang tinutukoy (*signified*) ng pantukoy (*signifier*), ang sinasabi ng isang tiyak na paraan ng pagsabi, ang (ka)loob(an) ng isang (pa)labas; sa halip, ang alamat ang kaalinsabayanan ng mga ito. Ang alamat ang salaysay at ang pagsasalaysay, ang tinutukoy at ang pantukoy, ang pasabi at ang pagsabi, ang loob at ang labas. Samakatwid, ang alamat ang kalalimang pag-aalinsabay, ang idiniriin ni Barthes bilang ikatlong salik ng mga tambalan: ang pagtukoy (*signification*), alinsabay na pangngalan at pandiwa, bagay at kilos, ang "paraan kung paano nito [ng alamat] inuusal ang pasabi." Bumabaling kung gayon ang saysay ng alamat mula sa pagiging *ano*, at ang kakawing na katiyakan nito, tungo sa pagiging pamamaraan o pagbaling: *pa-ano*.



**X.**

Sa pagbaling ng pagpapahalaga sa alamat bilang sandali ng pagtukoy, naidiriin sa pagtataya dito ang pagkakaloob: bilang isang pagtukoy, ang alamat ang dalumat ng panahong para sa pagbibigay-saysay, sa mismong pangyayari pagsasalaysay. Bilang isang panahon, kritikal kung gayon para sa alamat ang dalumat ng pagkakataon ng mga salik nito, sapagkat "ang batayang katangian ng konseptong maalamat ay *ibinabagay* [*appropriated*]" (Barthes 1972, 118; sariling salin). Sa pagbabagay na ito, hindi nakasalalay ang alamat sa anumang uri ng panahon, lalo na bilang "banal" o "dahay;" sa halip, umaayon ito sa nababagay sa pagkakataon at sa panahon.[29]

Samakatwid, samantalang "ang anyo nito [alamat] ay hungkag ngunit narito (*present*), ang kahulugan nito wala ngunit punô" (sariling salin), ang pagtataon ng alamat sa kabagayan, tulad ng tagapagsalaysay at sinasalaysayan, ang nagbibigay-saysay sa bagay na ito (Barthes 1972, 122). At samakatwid, ang hindi pakikipagtaon ng alamat sa mga bagay ang pagkawala rin ng pagkamaalamat nito—sapagkat nawawala ang kabagayang nagpapakahulugan sa pangungusap na ito. Dito makatuturan ang palagay ni Barthes sa alamat bilang parating nakataya sa gana:

> Motivation is necessary to the very duplicity of myth: myth plays on the analogy between meaning and form, there is no myth without motivated form. In order to grasp the power of motivation in myth, it is enough to reflect for a moment on an extreme case. I have here before me a collection of objects so lacking in order that I can find no meaning in it; it would seem that here, deprived of any previous meaning, the form could not root its analogy in anything, and that myth is impossible. But what the form can always give one to read is disorder itself: it can give a signification to the absurd, make the absurd itself a myth. This is what happens when common sense mythifies surrealism, for instance. Even the absence of motivation does not embarrass myth; for this absence will itself be sufficiently objectified to become legible: and finally, the absence of motivation will become a second-order motivation, and myth will be re-established. (ibid., 125)[30]
>
> Mahalaga ang gana sa mismong pagpaparami ng alamat: naglalaro ang alamat sa analohiya sa pagitan ng kahulugan at anyo, walang alamat sa kawalan ng ganadong anyo. Upang magagap ang kapangyarihan ng gana sa alamat, sapat nang magmuni para sa isang sandali ng isang masidhing pagkakataon. Narito sa harap ko ang isang katipunan ng mga bagay na walang-walang kaayusan, na hindi ko na mahanapan ito ng kahulugan; nagmimistulang dito, pinagkaitan ng anumang dating kahulugan, hindi mauugat ng anyo ang analohiya nito sa anuman, at hindi maaari ang alamat. Subalit ang parating maibibigay ng alamat sa isa para sa pagbasa ay ang mismong kaguluhan: maaaring pagkalooban

> nito ng pagtukoy ang absurdo, gawing alamat sa sarili nito ang absurdo. Ito ang nangyayari sa pagsasaalamat ng sentido kumon sa surealismo, halimbawa. Hindi naipapahiya ang alamat maging ng kawalang-gana; sapagkat sasapat na maibabagay ang kawalang ito sa sarili nito para maging maliwanag: at sa wakas, ang kawalang-gana ay magiging isang ikalawang antas-ayos ng gana, at malilikhang muli ang alamat. (sariling salin[31])

Kritikal ang paturol: ang anuman ay maaaring alamat, hangga't ipinangyayari nito ang isang pagtukoy. Sa ganang ito nadadalumat ang kalalimang saysay ng alamat: ang mistulang walang-saysay o arbitraryo na pagkakalikha ng alamat ay malilirip bilang alinsunod sa pagtataya ng pagtukoy sa pagkakataon—sa mismong sandali ng nasabing kilos na pagkakataon ng pantukoy at tinutukoy, na pagkakataon din ng tagapagtukoy (o, tagapagsalaysay) at tinutukuyan (o, sinasalaysayan).[32]

**XI.**

O mangyari pa: ang alamat ang panahon ng pagtukoy na masidhi, sapagkat ano nga ba ang kasidhian kung hindi rin ang gana, na isang sandali ng pagdiriin ng isang bagay ng kanyang pagkabagay; para kay Rebecca Añonuevo (2003):

> May gana dahil may buhay. May pagpapahalaga sa buhay, sa bawat sandali ng buhay. Kaya't pag sinabing ganado, ang isang maaaring tinutukoy ay ang naiibang sigla o liksi ng may-katawan. Ganado dahil alam niya ang gusto at gagawin, alam ang gustong marating, ang bubuuin; ganado pagkat puno ng pag-asa, tigib ng pag-ibig, buhos-kaluluwa. Ganado dahil may pagnamnam sa bawat karanasan, may pagdakila sa katuturan at kaibuturan ng karanasan; gana dahil may lalim, may panambitan, may panaghoy; may ningas at apoy; tumatalab, tumatagos, nananaha't tumutuloy sa malay at di-malay na bahagi nating pinopoon. Gana dahil may mahigpit na pakikipagdaupang-palad at pakikipag-ugnayan sa Diyos, anuman ang mukha ng kinikilalang Diyos—alin kay Bathala Maykapal ng mga ninuno o kay Kristong Hesus na nagkatawang-tao at nagligtas sa atin sa kasalanan ng mundo. (24).

Ang gana ang pagdiriin ng pagkabagay ng kabagayan. Ito ang ekolohiya ng alamat: ang pagiging "tuluyan ng buhay," ng "kabuuan ng mga bagay," alinsunod sa paglalarawan ni Dardel. Ito rin ang tinutulos na "mukha ng kinikilalang Diyos," ang maalamat na "Talulikas na Nilalang," bagaman hindi bilang pagsasakatawang hiwalay, abstrakto, o metaporiko, kung hindi nakakadaupang-palad—sa ibang salita, bagaman hinaharaya bilang naroroon sa isang ibayo, naririto ring matalik sa kabagayan.[33]



**XII.**

Ang dalumat ng alamat ay nasa pagtukoy, sa alinsabay nitong pagiging narito at mapagkaloob ng salaysay.[34] Sa paglirip sa payak na pagpapahalaga sa *alamat* bilang "salaysay," kritikal ang nasabing pakahulugan sa pagdiriin sa ganang nagpapangyari sa paglikha: pinakahuhulugan din ng *VLT* ang *salaysay* bilang "declarar," "isalaysay," pandiwang pautos na mapangyayari lamang sa pagkakataong ipangyayari na nga ang nasabing kilos. Nagkakaloob ang pagpapakahulugang ito ng saysay sa pagkapanahon ng alamat: ito rin ang pinakasandaling pagsasalaysay nito. Sa ganang ito, "naririto" nga ang alamat, sa paraang ang alamat din ang tiyak na ngayon kung saan ito ipinangyayari—ang salukoy kung kailan, sa masidhing gana, ay naisasalaysay ang alamat.

**XIII.**

Isang pag-uulit: ang masidhing pagkakataon ang nagpapagana para sa paglikha ng alamat, na sa sarili nitong kasidhian ay nakalilikha rin ng mga paglikha; mula dito, madadalumat ang kalaliman ng alamat na malikhain para sa mga malikhain.[35] Sa pag-alinsunod sa pagdalumat ni Barthes sa alamat bilang hindi ang tinutukoy o ang pantukoy kung hindi ang kumpas ng pagtukoy, maaari ding maunawaan ang maalamat sa malikhaing paglikha hindi bilang ang nililikha o ang lumilikha, kung hindi ang mismong kumpas ng paglikha. Kung gayon, ang pagdiriin ng pagkabagay ng alamat ay nasa pinakapaglikha ng mga nito.

Nagiging kritikal sa ganang ito ang pangyayaring pag-uulit, bilang salukoy ng pagdiriin ng alamat para sa pagpaparami at pagpapasidhi nito.[36] Sa pagtataya ni Alvin Yapan sa pag-uulit bilang mabisa sa panitikan, napangangasiwaan ang kasidhian: "nasa kalibrasyon ng mga gagawing pag-uulit ang regulasyon din ng mga antas ng kasidhian" (Yapan 2010, 18). Sa pagsasalalay sa bisang ito ng pag-uulit, napasasaysayang muli ang pagiging panuto para sa kaugalian (at kung gayon, ang pagiging matalik din sa ritwal) ng alamat: sapagkat gumagana ang maalamat ayon sa kasidhian, nagiging mahalaga ang panuto ng alamat para sa mga pag-uulit ng mga kaugalian, para sa gayon ay masidhing maidiin ang pagkabagay (o, ang pagkaalamat ng alamat) nito—ang alamat samakatwid hindi bilang abstrakto, kung hindi bilang bagay na naisasakatawan, biseral at tumatagos (Massumi 2002, 27-28).[37]

At kung gayon, ang alamat bilang malalim: sa kalalimang ito, muli, sapagkat malalim nga, nagiging madulas ang kumpas ng pagtukoy sa salukoy ng maalamat na kasidhian. Sa nasabing sandali, ang nasabing kumpas ay "mailalarawan [bilang] pagtawid ng mga semantikong habin: dito, ang dalamhati ay maluwalhati" (sariling salin; ibid., 24-25)[38]; sa ibang salita, napasasaysayan ang sandali ng hapis

sa maalamat na pagsasakatawan (halimbawa, sa isang ritwal) bilang katuwa-tuwa.[39] At bagaman sa ganitong pangyayari, mistulang walang kaayusan sa buhat ng pagtawid-tawid ng semantiko , maaari lamang maulit ang tinaya na ni Barthes: ito rin ang panahong malilikhang muli ang alamat.

**XIV.**

Pagbaling sa pag-awit ng hudhud ng mga Ifugao, metonimiko nitong naisasalaysay ang kritikalidad ng pag-uulit sa katutubong panitikang Pilipino:[40]

> [H]indi lamang iisa ang umaawit ng epiko. Maaaring magsimula sa isang mang-aawit ang pagkanta ng epiko, ngunit sumasali rin, nang paisa-isa, kinalaunan sa pagkanta ang papadagdag nang papadagdag na mga mang-aawit. Sinisimulan ang kanilang pag-awit hindi sa punto ng pag-awit na naabot na ng unang umawit, kung hindi sa pinakasimula pa rin. Kung kaya ang pagsali ng mga sumunod na mang-aawit ay hindi para sabayan ang pag-awit ng nauna, kung hindi upang pakapalin ang suson-suson nang tunog na nalilikha sa magkakaalinsabay na pagkanta. Umaabot ang buong ritwal sa punto na wala nang mauunawaan sa kinakantang epiko ang mga tagapakinig. Ang kalabisan sa tunog na lamang na nalilikha ang pinahahalagahan sa ganitong uri ng pakikinig. (Yapan 2010, 60-61; tingnan din kay Barton 1955, 7)

Sa pagsususon-suson ng mga tunog, hindi na nauunawaan ang inaawit na hudhud; gayunpaman, alinsabay sa paglalansag ng pag-unawa, bumabaling ang kahalagahan ng karanasan tungo sa kasidhian buhat ng kalabisan ng mga tunog na ito. Sa salukoy na ito kung gayon, bumabaling ang bagay na salita tungo sa kalaliman nitong masidhi pa kaysa karaniwang kahulugang ikinakawing dito. Sa ibang salita, bumabaling ang salitang bagay sa higit pang malalim na *hulog*—ang malalim na "bagsák o pagbagsak" na inilalahad "ang ibig sabihin ng isang salita" (*UPDF*, s.v., "húlog"): sa salukoy ng pag-uulit ng alamat, ang hulog ng salita ay ang pagdalumat nito sa kasidhian.[41]

Idiniriin kung gayon sa pag-awit ng hudhud ang pag-uulit bilang hindi para sa pagsabay sa naunang pag-awit (at samakatwid, para sa pagpapanatiling nauunawaan ang awit, sa kaisahan ng tunog ng mga salita), kung hindi para sa pagpapasidhi, sa pagsususon-suson ng tunog na likha ng magkakaalinsabay na pagtukoy—na hindi na nakabatay pa sa (makataong) pag-unawa sa karaniwang kahulugan ng salita, kung hindi sa pagdalumat na nito ng kasidhian alinsunod sa kakapalan ng tunog ng pagsasalaysay. Sa maikling salita, naipangyayari ang maalamat na pagtukoy sa pag-awit ng hudhod hindi na lamang sa pagsasalaysay nito, kung hindi sa *maulit* na pagsasalaysay nitong nakalilikha ng masidhing suson ng mga tunog. Sa ganang ito, hindi na pawang pag-uulit ang pag-uulit; sa halip, pag-uulit ang pag-uulit hanggang pag-uulit ito *para sa* kasidhian.



Kritikal ang pagkaloob na ito ng pag-uulit, sapagkat idiniriin nitong hindi pawang nakabatay ang pag-uulit sa pagkakatulad (sa pawang pagsasabay ng pagsasalaysay, halimbawa, para sa pag-awit ng hudhud); sa halip, para sa kasidhian, mahalaga rin ang kaibahan (na siyang nakapagpapangyari sa kaantasang nagpapasaysay sa kung ano ang masidhi). Samakatwid, ang pag-uulit, bilang kilos ng pagpapasidhi, ang kalalimang pag-aalinsabay ng pagtutulad at pagkakaiba.[42] Mula sa kaalinsabayang ito, naaari ang kasidhian, na nakapagdiriin ng pagkatuluyan ng sangkabagayan; sa pagbaling muli sa karanasang Ifugao ng pagsasalaysay ng hudhud:

> Aside from the fact that the monotony of daily life is broken by them, the Ifugao enjoys myth recitations because he appreciates the babble of them as a rising and falling sound. The voice, he says, "rise and fall like the sound of the bamboo harp." (Barton 1955, 6-7)
>
> Maliban sa katotohanang binabali ng mga ito ang kaisahang-tinig ng pang-araw-araw na búhay, ikinalulugod ng Ifugao ang mga pagsasalaysay ng alamat sapagkat pinahahalagahan niya ang kanilang paglagaslas bilang isang umaahon at lumulusong na tunog. Ang tinig, aniya, "ay umaahon at lumulusong tulad ng tunog ng kawayang alpa." (sariling salin)

Sa kasidhian ng pagsasalaysay, naipangyayari samakatwid ang pagpapakahulugan, ang kumpas na "ihagis, sirain" ang isang malalim na karanasan para "ihalintulad ang isang bagay sa mabuti o masamâ" (*VLT*, s.v., "Hólog"); at para sa karanasang Ifugao sa pagsasalaysay ng hudhud, ang pagpapakahulugang ito ay nasa paghahalintulad sa tinig ng tao bilang tunog din ng kawayang alpa.[43] Sa ganitong pagtutulad, hindi na lamang ang tao ang naipagtataon ng pagsasalaysay, bilang mga tagapagsalaysay at sinasalaysayan; sa halip, naipagtataon din sa pangyayaring ito ang kabagayan: sa epipanikong pagtutulad, nailalahad ang mga bagay, sa kanilang katularan, bilang mayroong pagkatuluyan (tingnan kay Ricoeur 1977, 13ff).

**XV.**

Sa maalamat na paglalahad ng ekolohiko, naisasalaysay ng alamat samakatwid, sa kasidhian nito, ang pagkabagay ng sangkabagayan, bilang isang daigdig (tingnan kay Heidegger 2002, 22). Ngunit sa kabilang banda, kritikal ding maitaláng naisasalaysay rin ng daigdig ang alamat: sapagkat sa pagsasalaysay ng alamat ay nakikibagay sa pagkakataon, naipangyayaring maulit ang paglikha sa alamat, sa

paraang maaaring makapagpanibago dito. Sa ibang salita, ang bawat pagsasalaysay ng alamat ay isang maaaring pagsasanay ng pagsasalaysay nito, o pagsasalaysay nitong *muli*.[44] O, mangyari pa: ang bawat pagsasalaysay ng alamat ay hindi lamang pagsasanay ng pagsasalaysay nito, kung hindi maging ang pagsasanay ng paglikha, o ng paglikhang muli, nito, at kung gayon, maging ng sangkabagayan.

Mula sa paturol na ito, isang metakritikal na pagsasaalamat: sa pang-abay na *muli*, matalik na naipagbibigkis ang pag-uulit at alaala: sa nasabing pang-abay, naidiriin ang minsang pagkanangyari na nga ng isinasalaysay ng alamat—na ang pagsasalaysay nitong muli ay isang pagsasalaysay ngang *muli*, isang pag-uulit *na*.[45] At alinsabay, at higit pa, sa pang-abay na ito, kritikal ang pangatnig na *o* sapagkat nagdiriin nito ang maaaring pangyayari ng alinman sa dalawa: ang paglikha *o* ang paglikhang *muli*. Sa nasabing pangatnig, naidiriin kung gayon ang kritikalidad ng dalumat ng panahon bilang pagkakataon sa pag-uulit: na maaaring paglikha *o* paglikha ngang muli ang pagsasalaysay (o pagsasalaysay *muli*) ng alamat, sapagkat may pagkakataon para sa alinman; sa ganang ito matatayang magkaalinsabay ang paglikha *at* paglikhang muli.[46] Samakatwid, napaninibago ng paturol: ang kumpas na pag-uulit ay ang paglikha *at* ang paglikhang muli ng alamat. At mula sa pag-aalinsabay na ito, sa pagiging isang panahon, madadalumat ang alamat bilang nakabaling sa kasidhian.

**XVI.**

Ang pagsasalaysay ng alamat ang paglikha nito at ang paglikha nitong muli. At para sa mga Dulangan Manobo, isinasakatawan ang maalamat na salaysay sa lunan, sa kanilang pagkilos dito, at, alinsunod sa metonimiyang ekolohiko, maging sa mga kumikilos na katawan ng mga katutubo:

> Makabuluhan din ang naratibo ng paglawak ng lupa mula sa tuldok sa kalagitnaan ng isang mundong tubig. Sa mitong ito, nilikha ang mundong Manobo sa pamamagitan ng paghahati ng mundo sa mga bahaging may kabuluhan sa kanilang buhay. Kailangang lumawak ang lupa upang tubuan ng mga halaman at puno. Ito ang iniinugan ng kanilang pamumuhay, kaya ito ang nilikhang sentro ng mundo. Ngunit bahagi rin ng sentrong ito ang mga halamang di-makakain, kung saan nakatira ang mga busaw. Magkadaop ang kabutihan (halamang makakain) at kasamaan (halamang di-makakain) sa mundong Manobo.
>
> Samakatuwid, ang ganitong pag-uuri sa mga halaman ay pagdadalumat sa espasyo: ang espasyo ng kaingin at ang espasyo ng mga busaw. Sadyang tumutubo ang halamang makakain sa espasyo ng kaingin. Sa kabilang banda, kahit man may tumubong halamang makakain sa espasyo ng mga busaw, bawal ito sa Manobo. Sa pang-araw-araw na buhay ng mga Manobo, ang kaingin (buhay) at ang gubat (busaw) ay magkabilang mukha ng iisang mundo. Ang kaingin ay dating gubat na hinawan ng mga Manobo upang makalikha ng espasyong kanilang tatamnan, na tinatawag nilang *tinibah* (Lopez 1965, 31). Dahil tinutubuan ng pagkain, ang tinibah ay espasyong nagdudulot ng kalusugan, kaliwanagan at kaligayahan. Sa kabilang banda, nakapaligid naman sa tinibah ang tirahan ng mga busaw, ang gubat na nakaambang lumamon sa kanilang mga tanim, kasama na rin ang kanilang kalusugan (dahil ang busaw ang sanhi ng sakit) at buhay (dahil sila ang sanhi ng kamatayan). Ang sakit sa katawan, na bunga ng pagkayamot ng busaw kapag nagambala ito sa kaniyang pook sa gubat, ay parusang itinadhana sa Manobo. Lahat ng uri ng pakikipag-ugnay sa iba't ibang aspekto ng buhay ay may taglay na panganib. (Lucero 2007, 184)

Sa alamat ng mga Dulangan Manobo samakatwid naisasalaysay at naisasaysay ang mga hangganan ng maaaring kilos ng tao (tingnan kay Mauss 1973). Bilang isang metonimiya para sa alamat, nagkakaloob ito ng isang panuto para sa panibagong pagpapahalaga sa kumpas ng pagsasalaysay: hindi na lamang ito ang pagsasalimbibig o pagsulat ng tao, kung hindi maging anumang kanyang pagkumpas. At sa pamamagitan ng ekolohikong metonimiya, mapapalawig pa ang nasabing panuto: na maaari, ang kumpas ng pagsasalaysay ay hindi lamang sa anumang makataong kumpas, kung hindi maging anumang maka*bagay* na kumpas; at kung gayon, mapahahalagahan ang pangyayaring "sadyang tumutubo ang halamang makakain" bilang isa lamang sa maaaring makabagay na kumpas ng pagsasalaysay, alinsunod sa pagkabagay ng halaman. Sa ganang ito, sa pagiging matatandang kaugalian ng alamat, bilang "hindi lamang para sa pagkakaisa ng mga kasanayan, kung hindi maging sa mga pagsasanay ng pagkakaisa" [sariling salin], hindi na lamang nito tinutukoy ang pagkakaisang tumutukoy sa pagiging tiyak na pagkabagay ng isang bagay, kung hindi maging sa pakikibagay ng kabagayang nagdiriin sa ekolohiko.[47]

**XVII.**

Sa pagdiriin ng maalamat sa ekolohiko, sa pangyayari ng alamat sa bawat salukoy ng pag-uulit nito, at sa pagiging parating nalilikha (o—*at*—nalilikhang *muli*) ng alamat, napasisidhi ng alamat ang ekolohiko samakatwid sa bawat salukoy. Kung gayon, habang napasisidhi ng sangkabagayan ang alamat sa bawat pag-uulit nito sapagkat ang sangkabagayan ang tinataunan, at samakatwid inaalinsunuran, ng paglikhang muli ng alamat, alinsabay ring nangyayari ang kabaligtaran—ang sangkabagayan ang pinasisidhi ng alamat. Samakatwid, madadalumat ang alamat at sangkabagayan bilang parating magkaalinsabay sa kasalukuyan, at kung gayon, hindi na sasapat na sabih-

ing naisasalaysay ang alamat *sa* isang salukoy; sa halip, nagsasalaysay rin ang alamat ng salukoy.[48]

Sa ganang ito, idiniriin ng salukoy ang kasidhian; ang *kasalukuyan*, sa huli, ay "itinutukoy din sa kaigtingan o kasidhian ng isang gawain" (*UPDF*, s.v., "kasalukúyan"). At bilang metonimiya ng panahon, idiniriin ng *salukoy* ang kumpas ng pagkakataon para sa kasidhian (tulad sa pagdiriin ng bagay sa pagkabagay nito; tulad sa pag-uulit at pag-uulit muli ng alamat): ang *salukoy* bilang kasingkahulugan ng *sagsag*, ang "tibay o tatag ng isang bagay" (*VLT*, s.v., "Sagság"), tulad kung paanong ang *kasagsagan ng pag-aani* ay nangangahulugan ng dami ng ani. Uulitin ang pagdiriin sa kasidhian sa pagpapakahulugan sa kasingkahulugan ng *sagsag*: ang *kamasahan*, bilang "kalakasan ng pag-ani o maulan na panahon, kalakasan ng panahon, halimbawa ng pagtatanim, pag-ani, at iba pa" (*VLT*, s.v., "Kamasáhan"). Sa pagsuson-suson ng mga pakahulugang ito, iniinugan ng mga salita ang kasidhiang pinagbabalingan din nila—sapagkat ang *masa* ay pinakahuhulugan din bilang "panahon" (*VLT*, s.v, "Mása") na, muli, metonimikong *salukoy*. Sa metakritikal na sandali, mapahahalagahan ng pagkakawing-kawing na ito ng mga salita ang maalamat na pag-uulit na hindi pawang pag-uulit, ngunit papasidhi.

**XVIII.**

Ang salukoy, ang metonimiya ng dalumat ng panahon, ang pangyayari ng mga pangyayari sa ngayon. Bilang isang masidhing pagkakataon ng kabagayan, ito ang katipunang mapahahalagahan bilang maalamat na sandali, na parating narito, at kasagsagan:

> At any rate, you have one (or several). It's not so much that it preexists or comes ready-made, although in certain respects it is preexistent. At any rate, you can make one, you can't desire without making one. And it awaits you; it is an inevitable exercise or experimentation, already accomplished the moment you undertake it, unaccomplished as long as you don't. This is not reassuring, because you can botch it. Or it can be terrifying, and lead you to your death. It is nondesire as well as desire. It is not at all a notion or a concept but a practice, a set of practices. You never reach [it], you can't reach it, you are forever attaining it, it is a limit....But you're already on it, scurrying like a vermin, groping like a blind person, or running like a lunatic: desert traveler and nomad of the steppes. On it we sleep, live our waking lives, fight—fight and are fought—seek our place, experience untold happiness and fabulous defeats; on it we penetrate and are penetrated; on it we love. (Deleuze at Guattari 1983, 149-150)
>
> Sa anumang antas, mayroon kang isa (o marami). Ito ay hindi sapagkat umiiral na ito o dumarating nang yari na, bagaman sa ilang paraan ito ay umiiral na. Sa anumang antas, maaari kang lumikha, hindi ka maaaring umibig nang hindi lumilikha. At hinihintay ka nito; ito ay hindi maiiwasang pagsasanay o pagsubok, natupad na sa sandaling tahakin mo ito, hindi natupad hangga't hindi mo tatahakin. Hindi ito nakatitiyak, sapagkat maaari mong sirain. O maaari itong manindak, at ihatid ka sa iyong kamatayan. Ito ay di-pag-ibig at maging pag-ibig. Hindi ito sa anumang paraan isang nosyon o isang konsepto, kundi pagsasanay, isang pangkat ng mga pagsasanay. Hindi mo kailanman [ito] maaabot, hindi mo ito maaabot, walang hanggan mo itong inaabot, isa itong hangganan....Ngunit nariyan ka na, humahangos tulad ng isang salot, umaapuhap tulad ng isang bulag, o tumatakbo tulad ng isang lunatiko: manlalakbay sa ilang at lagalag ng kapatagan. Dito tayo natutulog, isinasabuhay ang ating mga gising na sandali, lumalaban—lumalaban at nilalabanan—hinahanap ang ating lugar, nararanasan ang mga di-masayod-sayod na kaligayahan at di-kapani-paniwalang pagkatalo; dito tayo umaarok at naaarok; dito tayo umiibig. (sariling salin)



**MGA TALA**

*Ang sanaysay na ito ay halaw mula sa isang kabanata ng tesis masteral na "Isang Dalumat ng Panahon," na ginawaran ng Dr. Manuel B. Dy Best Thesis Prize noong 2018. Kasalukuyang bahagi rin ito ng proyektong pagpapatuloy ng nasabing pag-aaral, na isinasagawa naman sa ilalim ng Loyola Schools Scholarly Work Faculty Grant 2019. Nais pasalamatan ng may-akda ang mga pagkakataong ito na nakalikha sa sanaysay na ito sa kasalukuyan nitong anyo.*

1. Hiram ang paggamit ng labas at loob sa pagdalumat ni Covar (1998) sa katauhang Filipino (9-19). Binibigyang-puna ni Guillermo (2009) ang paggamit ni Covar sa lalim bilang isang kakatwa, kung hindi man hindi akmang, dimensiyon kung itatabi sa labas at loob (133-50); gayunpaman, alinsunod sa kasalukuyang pagtataya, ang nasabing kaibhan ng lalim mula labas at loob ang mismong kalaliman na nga ng nasabing salik.

2. Pinapahalagahan ni Burke (1941) ang metonimiya bilang may pamamaraan ng "convey[ance of] some incorporeal or intangible state in terms of the corporeal [tangpaghatid ng isang di-korporeal at di-nasasaling sa pamamagitan ng korporeal at nasasaling;" sariling salin] (424). Para sa pagsasateorya ng metonimiya ng kalikasan at bagay, tingnan kay Mathews (2003, 45ff); at, para sa mas tiyak na kontekstong Pilipino, kay Benitez (2017, 62ff).

3. Inilalarawan ni Frye ang pagkakapare-parehong ito bilang "apocalyptic." Hinggil sa dalumat ng apokalipsis, tingnan kay Morton

(2013, 95); at kay Benitez (2017, 1-21). Para sa higit na paglalarawan sa panahon ng alamat kung saan wala, wala na, ang pag-uuri ng labas at loob sa bagay, tingnan ang unang kabanata kay Lukács, (1971).

4. Para kay Massumi (2002), ang pagbabago (*conversion*) "to intensity is also the conversion of the materiality of the body into an *event*" ["tungo sa kasidhian ay ang pagbabago rin sa materyalidad ng isang bagay tungo sa *pangyayari*"; sariling salin] (14).

5. Hinggil sa "katotohanan" ng alamat, sinasabi ni Raffaele Pettazzoni (1954, 11-23) na maiuugat ang halaga ng pagiging totoo nito sa pagiging malikhain (at samakatwid, masidhi). Ayon naman kay Roland Barthes, ang alamat, higit sa anupaman, ay "*value*, truth is no guarantee for it" ["*halaga*, ang katotohanan ay hindi tiyak para dito;" sariling salin] (1972, 122).

6. Ayon kay Eliade (1963), isang "documented life" ang alamat—isang bagay ng kasaysayan, "sacred history," na naipangyari ang materyalidad nito, ang pagpapalipat-dila nito, sa iba't ibang pagkakataon—mga pagsasalin, pagpapalipat-dila nito (4-5). Samantala, ang sandaling ito ng pagtingin, "seeing as," ng antropomorpo sa nilalang na ito, para kay Ricoeur (1977), ang sandali ng harayang nagpapangyari ng pag-aalinsabay ng metapora at metonimiya—ang sanhi upang makalikha ng isang alamat.

7. Para kay Malina (2002), maaaring magpatuloy ang metatekstuwalidad na ito nang walang hanggan (5).

8. Ang alamat samakatwid bilang *habitus* na, ayon kay Bourdieu (1977), "a past which survives in the present and tends to perpetuate itself into the future by making itself present in practices structured according to its principles, an internal law relaying the continuous exercise of the law of external necessities" ["ang nakaraang nananatili sa kasalukuyan at humihilig na mapanatili ang sarili nito sa hinaharap sa pangyayari nito sa mga gawaing ibinalangkas alinsunod sa mga alituntunin nito, isang panloob na batas na inihahatid ang tuluyang pagsasanay ng batas ng mga panlabas na pangangailangan;" sariling salin] (82).

9. Para sa paraan ng paghubog ng kapaligiran sa isang teksto, tingnan ang *ecotypification* (von Sydow 1948, 346-55).

10. Sa pag-iiba ni Heidegger (2002) sa *earth*, *Erde*, at *world*, *Welt*, tinutulos niya ang saysay ng akda: "In setting up world and setting forth earth the work instigates this strife. But this does not happen so that the work can simultaneously terminate and settle the conflict in an insipid agreement, but rather so that the strife remains a strife" ["Sa pagtayo ng mundo at sa paghayag ng daigdig hinihibo ng akda ang pagkakawalay nito. Ngunit hindi ito nangyayari upang alinsabay na mahinto at maayos ng akda ang tunggalian sa isang payapang pagkakasundo, ngunit sa halip upang manatiling pagkawalay ang pagkawalay;" sariling salin] (27). Gayunpaman, sa panahon ng kasidhian ng alamat, nangyayari ang pagkakasundo, kung hindi man pag-iisa, ng mga uring ito ni Heidegger upang magtagpo sa iisang kalikasan: ang daigdig.



11. Ipinakakawing sa *VLT* ang *salaysay* at *saysay* bilang parehong tinutulos ang kilos ng pagpapahayag. Gayunpaman, sa pagpapakahulugan sa *sulit*, higit na naidiriin ang kaugnayan ng pagsasalaysay at pagpapahalaga sa pamamagitan ng tropong ekonomiko: ang *sulit* bilang "magbigay ng salaysay" at "kuhanin ang puhunan nang walang tubò" (*VLT*, s.v., "Súlit"). Tumutungo sa ganitong paraan sa pagkakawing ng *kuwenta* sa *kuwento*: ang "halaga o importansiya ng isang bagay o gawain" sa isang "salaysay" (*UPDF*, s.v., "kuwénta," "kuwénto").

12. Habang karaniwang pinakahuhulugan ang *kasaysayan* bilang "tuloy-tuloy at kronolohikong pagtatalâ ng mga pangyayaring may kabuluhan o pampubliko," ito rin ang halagá o silbi ng anuman;" tingnan sa *UPDF*, s.v., "kasaysáyan."

13. Isinasalin ang *supernatural* bilang *talulikas*, alinsunod sa salin ni Campomanes (2016, xiv).

14. Ito samakatwid ang ganang sinekdokiko (Burke 1941, 426ff).

15. Sinasabi ni Mazis (2002) na ang daigdig, para sa mga nakikipagtaon sa kalikasan, ay "*magical*" (50), at mula rito, iminumungkahi niya ang isang ekoerotisismo bilang pamamaraan ng pakikipagkataon (257-75). Para naman kay Mathews (2003), mahalagang ialinsabay ang mistikal, mapagbuong uri ng pakikitaon sa daigdig ang erotikong pakikitagpo, na nakaangkla sa pagkakaiba ng pagkabagay; tingnan ang pagkatalakay niya rito sa pamamagitan ng alamat ni Hesukristo (103-112). Hinggil sa pagiging "talulikas" ng pagkakataon, tingnan din kay Jung (1997, 93-104).

16. Ang halagahang ito rin mula sa pagpapalagay ng isang sunuran ang tinatanggihan ni Maurice Leenhardt, sa kanyang pag-iwas sa salitang "primitive" (Dardel 1984, 227-8).

17. Para kay Bakhtin (1982), ito ang panganib ng makasaysayang pagbabaligtad (*historical inversion*), na nakaangkla "in the fact that mythological and artistic thinking locates such categories as purpose, ideal, justice, perfection, the harmonious condition of man and society and the like in the *past*" ["sa katotohanang inilulunan ang maalamat at masining na pag-iisip sa mga kategoryang tu-

lad ng layon, uliran, katarungan, kalubusan, ang armonikong kalagayan ng tao at lipunan at iba pa sa *nakaraan*;" sariling salin, diin sa orihinal] (147). Maihahambing ang pangungulilang ito sa isang orihinaryo sa sinasabi ni Benjamin (2007) na *cult value* ng sining na nakahilig sa *aura*, ang katangiang nagmumula sa "orihinal" na bagay ng sining (217-252).

18. Sa nasabing paglalahad ng kabanalan ng alamat, itinatakda rin nito kung ano ang dahay: sinasabing ang anumang kilos na walang maalamat na inaalinsunuran ay kilos na walang saysay (Eliade 1959b, 34).
19. Kritikal na kaiba ang hinaharayang sirkularidad ng panahong ito mula sa walang-hanggang pag-uulit nito para kina Nietzsche at Kierkegaard (2007).
20. Ang pangungulilang nakabatay sa pangako ng paparating, tulad na rin ng pagdalumat ni Jacobo (2011) sa panahon, alinsunod sa paradigma ng pagdating; gayunpaman, alinsunod na rin sa epigrapiko mula kay Derrida (1993) na angkla ng pagdalumat na ito: ang panahon bilang "as long as the waiting can only be directed toward some other and toward some *arrivant*" ("hanggang maitutuon ang paghihintay tungo sa isang iba at tungo sa isang *darating*;" sariling salin) (65), at samakatwid, ang panahon bilang hindi matatapos na paghihintay at pangungulila.
21. Kritikal ang mga pang-uring ito bilang mga paglalarawan din sa panahon ni Newton (1934, 6).
22. Ang *homo religiosus*, bilang isang bagay, ang kinakasangkapan ni Eliade (1959) sa kanyang pagdalumat sa relihiyon—samakatwid, ang bagay na ito bilang isang hirapanyo sa sarili nito upang mailahad ni Eliade ang kanyang pangungusap hinggil sa sistematikong paniniwala.
23. Ang dulas ng bagay na ito ang dahilan upang pahalagahan ni Levi-Strauss (1955) ang alamat bilang "made up of all its variants" ("binubuo ng lahat ng bersiyon nito"; sariling salin) (435). Sa ganitong paraan, nabibigyan ng pagpapalalim ang pagkakawing ng panitikan sa titik, alinsunod kay Santos (2013), hindi bilang pawang nakabatay sa tradisyong pasulat, kung hindi maging sa tradisyong pabigkas (29). Sa ganitong paraan din binibigyang-banyuhay ang pagpapahalaga sa dalumat ng anyo mula sa pormalistang angkla nito tungo sa isang ekolohikong pananaw: ang anyo bilang pagiging isang bagay, na, sa pagkakataong ito sa alamat, mailalarawan sa katangian ng dulas (tingnan kay Cook 1966).



24. Ayon kay Levi-Strauss, "it is the combination of sounds, not the sounds in themselves, which provides the significant data" ["ang katipunan ng mga tunog, at hindi ang mga tunog sa kanilang sarili, ang nagkakaloob ng mahalagang datos"] (1955, 429, sariling salin). Maihahambing din sa pagkakatipunang ito ng alamat ang pagpapahalaga ni Barthes dito bilang isang *second-order semiological system* (1972, 113).
25. Sa pantukoy na *nagsasalaysay*, alinsabay na tinutukoy ang naunang tinutukoy na *tagapagsalaysay* at *tagapakinig*, alinsunod sa pagpapalagay na ang pakikinig ay paghahabi rin ng mismong salaysay. Ito ang kilos na tinutukoy ni Rafael (1988) bilang "*fishing out*" o pamimingwit ng mga tagapakinig mula sa daloy ng salaysay upang lumikha ng kanilang sariling bersiyon nito. Sa tradisyong pasulat ng panitikan, maihahambing ang ganitong pagsasalikop ng salaysay sa nagsasalaysay sa sinasabing *pagkamatay ng may-akda*, at ang pangyayari ng pagiging *teksto* ng *akda* (*work*); tingnan kay Barthes (1977, 142-148 at 155-164).
26. Masaklaw ang pagpapahalagang ito ni Kirk, bilang tugon sa salimuot sa pagpapakahulugan sa alamat; tingnan din kay Rogerson (1984). Sa mapagbuong pakahulugang ito nina Kirk at Rogerson, malilirip kung gayon ang taksonomiya ni Bascom bilang metonimikong pamamaraan ng paglirip sa alamat—at samakatwid, ang pagpapahalaga sa paggamit sa *alamat* bilang ekolohikong paglagom ng mga baha-bahaging pag-uuring nakasanayan sa kritisismong pampanitikang Filipino mula kay Bascom, sa pamamagitan ni Eugenio.
27. O: paibabaw, paitaas, tulad ng *Aufhebung* ni Hegel, na binibigyang halaga ni Derrida (1982) bilang "pagpapalutang" sa abstraksiyon (212). Gayunpaman, ayon na rin sa pagpapahalaga ni Malina (2002) sa *metalepsis*, ang mga suson ng salaysay, alinsabay ang pailalim at paibabaw na kilos na ito—ang katiyakan ng direksiyunalidad samakatwid bilang hindi kasinghalaga ng kung ano ang tunay na ipinakikilala ng dalumat ng ilalim/ibabaw sa parisan ng labas at loob: ang ikatlong dimensiyon.
28. Sa pagbibigkis ng *VLT* sa *salaysay* bilang pangngalan (ang isinasalaysay) at bilang pandiwa (ang pagsasalaysay), maihahambing ito sa pagpapahalaga ni Derrida (1992) sa *recit* (228ff).
29. Ihambing kung paano nagiging partikular ang "uri" ng panitikang makakapa sa pamamagitan ng konteksto ng gamit nito, kay Barbara Herrnstein Smith (1978, 41-75).
30. Ang parikalang naroon-at-wala ng alamat ang siya ring tinutukoy nina Deleuze at Guattari (1987) bilang *Katawang-walang-Bahagi* (*Body-without-Organs*).

31. Isinasalin ang *motivated* bilang *gana*, alinsunod sa pagdalumat ng gana ni Añonuevo (2003, 17ff).

32. Sa pag-uugnay sa alamat sa salita sa pagsasabing ang una ang katipunan ng huli, metonimikong naaalingawngaw ng pagiging ganado ng alamat ang paglalarawan ni Beneviste (1971) sa ugnayan ng pantukoy (*signifier*) at tinutukoy (*signified*) ng salita bilang ganado rin (45ff).

33. Para kay Mathews (2003), sa kaalinsabayanan ng mga bagay, nakapangyayari ang *self-realization*, ang kamalayan ng lahat ng mga ito sa kanilang sarili, bilang isang kabuuan, bilang kalikasan, sa pamamagitan ng *self-perpetuation*, ang pagdiriin ng sariling pagkabagay. Sa ganitong paraan, masasabing ang karanasan ng sobrenatural, ang lalim ng pagiging kabuuan, ay nangangahulugan ng kilos ng ugnayan—pangungusap ng mga bagay sa isa't isa: ang pagtukoy (46-55).

34. Tinutulos sa pagkanarito at pagkakaloob ng salaysay ng alamat ang dualidad nito bilang *present* (Derrida 1992, 9ff).

35. Ang kasidhian samakatwid bilang *production of production* nina Deleuze at Guattari (1983, 5ff).

36. Para kay Stein (1957), ang pag-uulit ay hindi lamang *bilang* pagdiriin, kung hindi pagdiriin *na nga* (165-208). Para naman kay Kundera (1995), sa kanyang pagsasalin ng mga pangungusap sa akda ni Franz Kafka, pinapahalagahan niya ang pag-uulit bilang kilos ng pananalinghaga, na isa ring anyo ng kasidhian (99-120).

37. Mahalaga ang paglalansag ni Massumi (2002) sa karaniwang paghihiwalay ng labas at loob ng bagay, sa dikotomiya ng kongkreto at abstrakto (91-92). Sa paglansag na ito, nabibigyang-saysay ang ugnayan ng pag-uulit at ng alaala: na higit pa sa nemonikong saysay ng pag-uulit, higit na may bisa ang pag-uulit sa ekonomiya ng alaala alinsunod sa biseral na karanasan ng kasidhiang naidudulot nito. Hinggil sa unang pagpapahalaga, tingnan kay Aristoteles (1982, 34).

38. Sinasalin ang *sadness* at *pleasant* ni Massumi bilang *dalamhati* at *maluwalhati* alinsunod sa tambalan ng loob ("dala") at labas ("luwal"), bilang paturol muli sa inilalarawang karanasan bilang malalim—ang pag-aalinsabay ng loob at labas. Tingnan ang salíng na pagtalakay hinggil sa parisan ng *dala* at *luwal* sa *hati*, ang lunan ng damdamin, kay Jacobo (2011, 157).

39. At sa ganitong paraan, ang pagpapahalaga ng mga kilusang popular sa Pilipinas sa panahon ng kolonyalismong Kastila sa karanasan ng pagdurusa bilang isang uri din ng alamat ng ginhawa; tingnan kay Ileto (1979, 91ff). Nabibigyang-saysay ito sa pamamagitan ng isang katutubong tanaga:

    Ang sugat ay cun tinangap,
    di daramdamin ang antac
    ang aayao, at di mayag
    galos lamang magnanacnac. (Lumbera 2001, 116)



40. Halimbawa, sa pag-aaral ni Cecilio (1980) sa *Guman* ng mga Dumalinao, sinasabi niyang "repetition is the basic formula, and it is evident everywhere: in the lines, in the development of the plot, in the imagery and symbolism" ("pag-uulit ang payak na pormula, at mapapansin ito saanman sa mga taludtod, sa pagsulong ng banghay, sa imahen at simbolo;" sariling salin) (96). Para naman kay Jocano (1967), nagmumula ang kahalagahan ng pag-uulit sa katutubong panitikan bilang "occasion for the poet to reorganize the threads of his story" ("pagkakataon para sa makata upang ayusing muli ang habi ng kanyang salaysay;" sariling salin) (305), at kung gayon, hindi malayo sa pagpapahalaga sa pag-uulit bilang kasangkapang nemoniko. Ang lahat ng mga kaugnayang pag-aaral na ito ay sa pagbanggit sa mga ito sa pagdalumat sa pag-uulit ni Yapan (2010, 37ff).

41. Para sa pagiging maulit ng mga isinasalaysay ng mga kasapi ng mga kilusang popular, tingnan din kay Ileto (1979, 97-98). Para naman sa kasidhian ng pagtawa, tingnan ang pagdalumat dito ni Kundera (1999) bilang pagbura sa malinaw na hangganan ng etika, sa ikaapat na bahagi ng kabanatang "The Angels" (85-87).

42. Ito rin ang pinag-aalinsabay ni Deleuze (1997). Gayunpaman, kaiba sa kasalukuyang pagpapahalaga sa pag-uulit, kritikal na salalayan ang kasidhian, bilang tagapaglaan at pinaglalaanan ng mga pag-uulit. Tingnan ang kritikalidad ng pag-aalinsabay ng pagiging tuluyan at pagkakaiba sa dalumat ng kasidhian kay Massumi (2002, 25).

43. Sa paghahalintulad na ito ng *holog*, bilang ugat ng *kahulugan*, maaari kung gayon maitambis ito sa pag-aangkla ni De Saussure (1995) sa ekolohiya ng wika sa pagkakaiba (112ff).

44. Isang pagbabaliktad sa pakahulugan ni Abadilla (1950) sa sanaysay bilang anyong "pagsasalaysay ng isang sanay" (x). Sa ganitong paraan, napapangatwiranan ang puna ni Lopate (1995) hinggil sa kasalatan ng sinaunang anyo ng sanaysay sa mga katutubong pangkat na mayaman sa panitikan sa tradisyong palipat-dila (lii-liii).

45. Binabaliktad dito samakatwid ang tesis ni Ong (1982) hinggil sa pagkakasangkapang nemoniko ng pag-uulit sa panitikang oral: na sa halip na pawang pag-uulit ang lumilikha ng alaala, ang alaala rin ang siyang lumilikha ng pag-uulit, bilang pagsasagawa *muli* ng isang kilos. Samantala, para naman kay Kundera (1995), sa pag-iisip sa alaala bilang isang hangganan ng natatandaan: "the border is not a product of repetition. Repetition is only one of the ways of making the border visible. The borderline is covered with dust, and repetition is like a hand whisking away dust." ("…. ang hangganan ay hindi produkto ng pag-uulit. Ang pag-uulit ay isa lamang sa mga paraan upang magawang makita ang hangganan. Natakpan ang guhit-hanggahan ng alikabok, at tulad ang pag-uulit ng isang kamay na pumapalis sa alikabok;" sariling salin) (298).

46. Hango ang pagtuon sa mga pangatnig na *o* at *at* sa pagpapahalaga ni Derrida (1992) sa *perhaps* sa pagbasa sa kathang "Counterfeit Money" ni Charles Baudelaire, bilang salitang bagay na sityo ng mga maaaring pagkakataon (153ff). Kritikal ding mapansin ang kabilugan ng *o*: ang parehong padron ng ekonomiya, ayon kay Derrida, na binabasag ng mga pagkakataon.

47. Ang *habitus*, para kay Bourdieu (1977), na isang *lex insita* o likas na batas na "not only for the co-ordination of practices but also for practices of co-ordination" ("hindi lamang para sa koordinasyon ng mga praktika kung hindi maging sa mga praktika ng koordinasyon"; sariling salin) (81). Gayunpaman, bilang batas, hindi matuturol ang kalikasan nito, at samakatwid, ang palagiang pagiging ipinataw nito; tingnan ang pagdalumat ni Derrida (1992) sa batas (181-220).

48. Ayon kay Derrida (1992), sa kanyang metonimiyang kaloob bilang isang bagay, "the thing is not *in* time; it is or it has time, or rather it demands to have, to give, or to take time" ("ang bagay ay hindi *nasa panahon*; ito ay o ito ay mayroong panahon, o manapa'y naggigiit ito upang magkaroon, magbigay, o kumuha ng panahon;" sariling salin) (41). Bagaman ang tinutukoy ni Derrida rito ay ang dalumat ng kaloob (*gift*), kinalaunang bibigyang-tumbas din niya ito sa anyo ng salaysay—ang mismong pagkabagay rin ng alamat.

**TALASANGGUNIAN**

Abadilla, Alejandro G., pat. 1950. *Mga Piling Sanaysay.* Maynila: Inang Wika Publishing Co.



Añonuevo, Rebecca. 2003. *Talinghaga ng Gana: Ang Banal sa mga Piling Tulang Tagalog ng Ika-20 Siglo.* Maynila: University of Santo Tomas Publishing House.

Aristoteles. 1983. *The Complete Works of Aristotle: The Revised Oxford Translation.* Tomo 1 at 2. Pinatnugutan ni Jonathan Barnes. Princeton: Princeton University Press.

Badillo, Victor L., S.J. 1980. "Time Keeping: Philippine Style." *Philippine Studies* 28: 354-62.

Bahktin, Mikhail M. 1982. *The Dialogic Imagination: Four Essays.* Salin nina Michael Holquist at Caryle Emerson, at pinatnugutan ni Holquist. Texas: University of Texas Press.

Barthes, Roland. 1977. *Image-Music-Text.* Tipon at salin ni Stephen Heath. London: Fontana Press, 1977.

———. 1972. *Mythologies.* Salin ni Anette Lavers. New York: The Noonday Press.

Barton, Roy. 1955. *The Mythology of Ifugaos.* Philadelpia: American Folklore Society.

Bascom, William. 1965. "The Forms of Folklore: Prose Narratives." *The Journal of American Folklore* 78 (307): 3-20.

Beneviste, Emile. 1971. *Problems in General Linguistics.* Salin ni Mary Elizabeth Meek. Florida: University of Miami Press.

Benitez, Christian. 2017. "Isang Dalumat ng Panahon." Tesis masteral, Pamantasang Ateneo de Manila.

———. 2017. "Tungo sa Posibilidad ng Apokalipsis: Pelikula at Kritisismo, Palabas at Paloob." *Katipunan* 2: 1-21.

Benjamin, Walter. 2007. *Illuminations*: *Essays and Reflections*. Salin ni Harry Zohn, pinatnugutan at may pagpapakilala ni Hannah Arendt, at paunang salita ni Leon Wieseltier. New York: Schocken Books.

Bourdieu, Pierre. 1977. *Outline of a Theory of Practice*. Salin ni Richard Nice. Cambridge: Cambridge University Press.

Burke, Kenneth. 1941. "Four Master Tropes." *The Kenyon Review* 3 (4): 421-38.

Campomanes, Oscar. 2016. Introduksiyon sa *Sangkatauhan Sangkahayupan*, Alvin Yapan, vii-xxxi. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.

Cecilio, Marley Sheng. 1980. "Is the 'Guman' of Dumalinao a 'Serious' Epic?." *Kinaadman: A Journal of the Southern Philippines* 2: 91-112.

Cook, Edwin A. 1966. “Cultural Flexibility: Myth and Reality.” *Anthropos* 61: 831-838.

Covar, Prospero. 1998. *Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture*. Maynila: National Commission for Culture and the Arts.

Dardel, Eric. 1984. “The Mythic.” Sa *Sacred Narrative: Readings in the Theory of Myth*, 225-243. Pinatnugutan ni Alan Dundes. Berkeley: University of California Press.

Deleuze, Gilles. 1997. *Difference and Repetition*. Salin ni Paul Patton. London at New York: Continuum.

———, at Guattari, Félix. 1987. *A Thousand Plateaus: Capitalism and Schizophrenia*. Salin at pambungad ni Brian Massumi. Minneapolis: University of Minnesota Press.

———. 1983. *Anti-Oedipus: Capitalism and Schizophrenia*. Salin nina Robert Hurley, Mark Seem, at Helen R. Lane, at pambungad ni Michel Foucault. Minneapolis: University of Minnesota Press.

Derrida, Jacques. 1992. *Acts of Literature*. Pinatnugutan ni Derek Atridge. New York at London: Routledge.

———. 1993. *Aporias: Dying—Awaiting (One Another At) the “Limits of Truth.”* Salin ni Thomas Dutoit. Stanford: Stanford University Press.

———. 1992. *Given Time: I. Counterfeit Money*. Salin ni Peggy Kamuf. Chicago at London: University of Chicago Press.

———. 1982. *Margins of Philosophy*. Salin ni Allan Bass. Chicago: University of Chicago Press.

Dundes, Alan, pat. 1984. *Sacred Narrative: Readings in the Theory of Myth.* Berkeley: University of California Press.

Eliade, Mircea. 1959. *Cosmos and History: The Myth of Eternal Return*. Salin ni Willard R. Trask. New York: Harper & Brothers.

———. 1963. *Myth and Reality*. Salin ni Willard R. Trask. New York at Evansion: Harper & Row.

———. 1959. *The Sacred and the Profane: The Nature of Religion*. Salin ni Willard R. Trask. New York: Harcourt, Brace & World.

Eugenio, Damiana. 1985. “Philippine Folktales: An Introduction.” *Asian Folklore Studies* 44: 155-177.

———, pat. 2001. *Philippine Folk Literature: The Myths*. Tomo 2 ng *Philippine Folk Literature Series*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.



Flores, Patrick. 2008. “Palabas.” *Ctrl+P: Journal of Contemporary Art* 11: 8-9.

Frye, Northrop. 2000. *Anatomy of Criticism: Four Essays*. Paunang salita ni Harold Bloom. Princeton at Oxford: Princeton University Press.

Guillermo, Ramon. 2009. *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.

Heidegger, Martin. 2002. *Off the Beaten Track*. Pinatnugutan at salin nina Julian Young at Kenneth Haynes. Cambridge at New York: Cambridge University Press.

Ileto, Reynaldo C. 1979. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.

Jacobo, J. Pilapil. 2011. “Homo Tropicus: A Yearning.” *Kritika Kultura* 16: 65-83.

———. 2011. “Mood of Metaphor: Tropicality and Time in the Philippine Poetic.” Ph.D. Diss., Stony Brook University.

Jocano, F. Landa. 1967. “Some Aspects of Filipino Vernacular Literature.” Sa *Brown Heritage: Essays on Philippine Cultural Tradition and Literature*, 287-207. Pinatnugutan ni Antonio G. Manuud. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.

Jung, Carl. 1997. *Jung on Synchronicity and the Paranormal.* Pinili at may introduksiyon ni Roderick Main. London: Routledge.

Kierkegaard, Søren at Nietzsche, Friedrich. 2007. *Repetition and Notes on the Eternal Recurrence*. Pinatnugutan ni Edouard D’Araille. Ludlow: Living Time Media International.

Lévi-Strauss, Claude. 1955. “The Structural Study of Myth.” *The Journal of American Studies*, Myth: A Symposium 68 (270): 428-444.

Lopate, Phillip, pat. 1995. *The Art of the Personal Essay: An Anthology from the Classical Era to the Present.* New York: Anchor Books.

Lopez, Rogelio M. 1965. “Agricultural practices of the Manobo in the interior of southwestern Cotobato, Mindanao.” M.A. thesis, University of San Carlos.

Lucero, Rosario Cruz-. 2007. *Ang Bayan sa Labas ng Maynila/The Nation Beyond Manila.* Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.

Lukács, George. 1971. *The Theory of the Novel*. Salin ni Anna Bostock. Cambridge: The MIT Press.

Lumbera, Bienvenido. 2001. *Tagalog Poetry 1570-1898: Tradition and In fluences in its Development*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.

Kirk, G.S. 1984. "On Defining Myths." Sa *Sacred Narrative: Readings in the Theory of Myth*, 53-61. Pinatnugutan ni Alan Dundes. Berkeley: University of California Press.

Kundera, Milan. 1995. *Testaments Betrayed: An Essay in Nine Parts*. Salin ni Linda Asher. New York: Harper Collins Publishing.

———. 1999. *The Book of Laughter and Forgetting*. Salin ni Aaron Asher. New York: Harper Perrenial.

Malina, Debra. 2002. *Breaking the Frame: Metalepsis and the Construction of the Subject*. Columbus: The Ohio State University Press.

Massumi, Brian. 2002. *Parables for the Virtual: Movement, Affect, Sensation*. Durham at London: Duke University Press.

Mathews, Freya. 2003. *For Love of Matter*. Albany: State University of New York Press.

Mauss, Marcel. 1973. "Techniques of the Body." *Economy and Society* 2 (1): 70-88

Mazis, Glen A. 2002. *Earthbodies: Rediscovering Our Planetary Senses*. Albany, N.Y.: State University of New York Press.

Mojares, Resil. 1997. *House of Memory: Essays*. Lungsod Pasig: Anvil Publishing.

Morton, Timothy. 2013. *Hyperobjects: Philosophy and Ecology after the End of the World*. Minneapolis at London: University of Minnesota Press.

Newton, Isaac. 1934. *Mathematical Principles of Natural Philosophy and His Systems of the World*. Berkeley & Los Angeles: University of California Press.

Ong, Walter J. 1982. *Orality and Literacy: The Technologizing of the Word*. London: Methuen.

Pettazzoni, Raffaele. 1954. *Essays on the History of Religions*. Salin ni H. J. Rose. Leiden: Brill.

Rafael, Vicente L. 1988. *Contracting Colonialism: Translation and Christian Conversion in Tagalog Society Under Early Spanish Rule*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.



Ricoeur, Paul. 1977. *The Rule of Metaphor: The Creation of Meaning in Language*. Salin nina Robert Czerny, Kathleen McLaughlin, at John Costello SJ. Toronto: University of Toronto Press.

Rogerson, J. W. 1984. "Slippery Words: Myth." Sa *Sacred Narrative: Readings in the Theory of Myth*, 62-71. Pinatnugutan ni Alan Dundes. Berkeley: University of California Press.

Santos, Lope K. 2013. "Tinging Pahapyaw sa Kasaysayan ng Panitikang Tagalog." Sa *Mga Lektura sa Kasaysayan ng Panitikan*, 28-44. Pi natnugutan ni Galileo Zafra. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino.

de Saussure, Ferdinand. 1995. *Course in General Linguistics*. Pinatnugutan nina Charles Bally, Albert Schehaye, at Albert Riedlinger, at sa lin at tala ni Roy Harris. Chicago at Illinois: Open Court.

Smith, Barbara Herrnstein. 1978. *On the Margins of Discourse: The Rela tion of Literature to Language*. Chicago: The University of Chicago Press.

Stein, Gertrude. 1957. *Lectures in America*. Boston: Beacon Press.

von Sydow, Carl Wilhelm. 1948. *C.W.V. Sydow: Selected Papers on Follore*. Pinatnugutan ni Laurits Bodker. Copenhagen: Rosenkilde and Bagger.

*Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diksiyonaryong Filipino* (*UPDF*). 2001. Ika-2 ed. Pinatnugutan ni Virgilio S. Almario. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas.

*Vocabulario de la lengua tagala, compuesto por varios religiosos doctos y graves, y coordinado* (*VLT*). 2013. Inihanda nina Juan de Noceda at Pedro de Sanlucar. Salin at pinatnugutan nina Virgilio S. Almario, Elvin R. Ebreo, at Anna Maria M. Yglopaz. Lungsod Maynila: Komisyon ng Wikang Filipino.

de Vries, Jan. 1984. "Theories Concerning 'Nature Myths'." Sa *Sacred Narrative: Readings in the Theory of Myth*, 30-40. Pinatnugutan ni Alan Dundes. Berkeley: University of California Press.

White, Hayden. 1978. *Tropics of Discourse: Essays in Cultural Criticism* Baltimore at London: The John Hopkins University Press.

Woods, Damon L. 2017. *The Myth of the Barangay and Other Silenced Histories*. Panimula ni Virgilio S. Almario. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.

Yapan, Alvin A. 2010. "Ang Bisa ng Pag-uulit sa Katutubong Panitikan: Tungo sa Isang Panimulang Teoryang Pampanitikan." Ph.D. Diss., Unibersidad ng Pilipinas.